Ang Halaga ng Pangkalusugang Kaseguraduhan

Ang kaseguraduhan ay tumutulong sa pagbayad sa gastos kapag kailangan mo magpagamot

Ang kaseguraduhan ay nagpoprotekta sa iyo sa malaking gastos kung may masamang mangyari. Walang tao ang nagbabalak magkasakit o masaktan, subalit karamihan sa mga tao ay makakaranas na magpagamot para sa sakit o pinsala, at ang pangkalusugang kaseguraduhan ay tutulong sa pagbayad sa mga gastos nila. Bumili ka ng pangkalusugang kaseguraduhan para protektahan ka kung kailangan mo magpagamot ng karamdaman.

Ano ang pangkalusugang kaseguraduhan?

Ang pangkalusugang kaseguraduhan ay kontrata na kasama ka at ang iyong kumpanya ng kaseguraduhan. Bumili ka ng plano o patakaran, at ang kumpanya ay sasang-ayon sa pagbayad ng bahagi ng gastos mo sa pagpagamot kapag nagkasakit o nagkapinsala.

Ang karaniwang patakaran ng pangkalusugang kaseguraduhan ay bibigyan ka ng paraan makakuha ng pangunahing paggamutan para manatiling masigla, katulad ng mga bakuna at mga patingin. Maraming plano ay sumasakop ng gamot na kinakailangan ng reseta.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

Ang pangkalusugang kaseguraduhan at tumutulong sa pagbayad ng pagpagamot

Alam mo ba na ang karaniwang gastos ng 3-araw na nakatira sa ospital ay $30,000? O ang magpaayos ng baling paa ay maaaring umabot ng $7,500? Ang mayroong pangkalusugang kaseguraduhan ay makakatulong protektahan ka sa mga hindi inaasahang gastos katulad ng mga ito.

Ipakikita ng patakaran ng kaseguraduhan mo ang klase ng alaga, mga paggamot at serbisyo na sinasakop, kasama ang magiging halaga na ibabayad ng kumpanya ng kaseguraduhan para sa ibat-ibang paggamot sa ibat-ibang kalagayan.

Ano ang binabayad mo para sa pangkalusugang kaseguraduhan

Kadalasan ay magbibigay ka ng bayad sa seguro buwanan, at magbabayad ka ng bawas gastos isang beses kada taon bago magsimulang magbayad ang kumpanya ng kaseguraduhan ng bahagi nila. Ang pagbayad mo sa seguro at bawas gastos ay nababatay sa uri ng kaseguraduhan mo.

Kasing importante ng halaga ng bayad mo sa seguro ay ang halaga na babayaran kapag nakatanggap ka ng serbisyo. Kabilang sa mga halimbawa:

- Kung magkano ang babayaran mo bago magsimula ang pagsakop ng kaseguraduhan (ang bawas gastos)
- Kung magkano ang babayaran mo sa sariling gastos pagkatapos mo magbayad ng bawas gastos (kasamang kaseguraduhan o kasamang gastos)
- Kung magkano ang kabuuang halaga na babayaran mo kung ikaw ay magkasakit (ang pinakamataas na sariling gastos)

Kung ano ang sinasakop ng patakaran mo ay madalas mismong may kaugnayan sa kamahalan ng patakaran ng pangkalusugang kaseguraduhan. Ang patakaran na mayroong pinakamurang bayad sa seguro ay maaaring hindi sinasakop ang maraming mga serbisyo at paggamot.

5 bagay na dapat malaman tungkol sa pangkalusugang kaseguraduhan

1. Marami ang uri ng mga patakaran ng pribadong pangkalusugang kaseguraduhan. Iba-ibang mga patakaran ay maaaring maghandog ng ibat-ibang mga benepisyo, at ang iba ay maaaring takdaan ang ginagamit na mga duktor, ospital at iba pang mga manggagamot na magamit.

2. Maaari kang magbayad ng kasamang kaseguraduhan o kasamang bayad sapagkat ikaw ay kabahagi sa gastos kung ikaw ay magpapagamot, katulad ng bisita sa duktor, bisistang autpeysiyent sa ospital, o ang reseta. Ang kasamang kaseguraduhan ay kadalasan porsyento ng gastos (halimbawa, 20% ng kabuuang halaga). Ang kasamang bayad kadalasan ay may nakatakda na na presyo (halimbawa, maaari kang magbayad ng $10 o $20 para sa reseta o bisita sa duktor).

3. Maaari kang magbayad ng bawas gastos bawat planong taon bago magsimulang magbayad ang kaseguraduhan mo para sa pag-aalaga na nakukuha mo. Halimbawa, sabihin natin mayroon kang $200 na bawas gastos. Pumunta ka sa kuwartong pang-emerhensya at ang kabuuang halaga ay $1250. Babayaran mo ang nauunang $200 para masakop ang bawas gastos, at pagkatapos nito ang kaseguraduhan mo ay ang magsisimulang magbayad ng bahagi nila.

4. Ang mga plano para sa pangkalusugang kaseguraduhan kadalasan ay may koneksyon ng mga ospital, parmasya, at iba pang manggagamot na may kontrata para alagaan at gamutin ang mga tao sa plano. Depende sa klase ng patakaran na bilhin mo, ang plano mo ay maaaring magbayad sa paggamot mo kung dumalaw sa manggagamot sa koneksyon ng plano, o maaari kang magbayad ng mas malaking bahagi ng halaga.

5. Maaari kang makakita ng produkto na kamukha at tipong pangkalusugang kaseguraduhan, subalit hindi ka binibigyan ng proteksyon ng buong pangkalusugang kaseguraduhan. Ang ibang mga halimbawa ay sa mga patakaran pili lamang ang sinasakop na karamdaman, mga patakaran na sinasakop ka lamang kapag ikaw ay nasaktan sa aksidente, o plano na pinapipili ka ng mga tawad sa serbisyo ng pangkalusugan. Huwag mong pagkamalan ang produkto ng mukhang kaseguraduhan ay katulad sa buong kaseguraduhan na malawak ang saklaw ng proteksyon.

Kumuha ng impormasyon tungkol sa kung paano gumagana ang kaseguraduhan sa **www.HealthCare.gov.**

This is an Official
U.S. Government Product

CMS Produkto Num. 11631 - T (Tagalog)
Rebisado ng Disyembre 2012